



INILABAS NA BALITA

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Abril 14, 2020
MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Kristine Roselius - 415.519.5419

Pahayag ng Bay Area Air District sa panukala ng administrasyong Trump na panatilihin ang pamantayan ng particulate matter

SAN FRANCISCO – Pahayag ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area), tungkol sa panukala ng administrasyong Trump na panatilihin ang Pamantayan ng Pambansang Kalidad ng Nakapaligid na Hangin para sa particulate matter.

“Sinasantala na naman ng administrasyong Trump ang ating kasalukuyang pambansang krisis sa kalusugan para maglunsad ng atake sa pampublikong kalusugan. Sa isang kamakailang pag-aaral sa Harvard na nagpapakita ng ugnayan sa pagitan ng mas tumitinding antas ng polusyon sa particulate at tumataas na antas ng pagkamatay dahil sa COVID-19 - at sa kabila ng mga rekomendasyon mula sa mga nangungunang propesyonal sa pampublikong kalusugan - sa kasamaang palad ay gumawa ng panukala ang Ahensiya ng Proteksiyon ng Kapaligiran na panatilihin ang Mga Pamantayan sa Pambansang Nakapaligid na Hangin para sa particulate matter, sa halip na gamitin ang oportunidad para paigtingin ang mga ito. Sa tuwing pinapapili sa pagitan ng pagtupad sa kanilang legal at moral na obligasyon para protektahan ang pampublikong kalusugan o bawasan ang kapangyarihan ng mga pangunahing nagdudulot ng polusyon, patuloy ang Administrasyong Trump sa buong-pusong pagpanig sa mga nagdudulot ng polusyon. Mariing lalabanan ng Air District ang anumang pagsisikap na walang ingat na ilagay sa panganib ang kalusugan at kalagayan ng mga residente ng Bay Area.”

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)